Barangay MELGAR B

3-7-2014

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BARANGAY

KATITIKAN NG KARANIWANG PAGPUPULONG NG **SANGGUNIANG BARANGAY** MELGAR B NA GINANAP NOONG IKA-22 NG PEBRERO, 2014 DITO SA BAHAY PULUNGAN.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. RONALD F. ALTERADO | Punong Barangay |
| KGG. JOYCE M. AUSTRIA | Kagawad |
| KGG. CONRADO A. PEREZ SR | Kagawad |
| KGG. JUDY VIRGILIO P. ALCAPARAS | Kagawad |
| KGG. CAROL C. RELANO | Kagawad |
| KGG. CESSIE N. FEDELICIO | Kagawad |
| KGG. NELSON L. LUMPAS | Kagawad |
| KGG. LOUIE N. BAZON | Kagawad |

HINDI DUMALO: WALA.

RESOLUSYON BLG. 20
Serye 2014

ISANG RESOLUSYON NG PAGSUPORTA ANG MAPITAGANG IPINARARATING KAY KGG. MARTIN ANOTNIO G. ZAMORA, CHAIRMAN OF THE BOARD NG EMERGING POWER INC. NA MATATAGPUAN SA, SUITE 1603b,16TH FLOOR,WEST TOWER,PHILIPPINE STOCK EXCHANGE CENTER, EXCHANGE ROAD ORTIGAS CENTER, PASIG CITY,PHILIPPINES 1604. TEL.# (+632)470-8752;(+632)470-8079 NA HUMIHILING ANG SANGGUNIANG BARANGAY MELGAR B NA MASIMULAN SA LALONG MADALING PANAHON ANG PAGTATAYO NG *GEOTHERMAL POWER PLANT* NA MATATAGPUAN SA PANULUKAN NG BARANGAY MELGAR B, MONTEMAYOR, AT MONTELAGO.

SAPAGKAT, sa mga nakalipas na panahon napatunayan na may *positibong source ng geothermal* dito sa sakop ng aming barangay kaya't nararapat lamang na maisagawa na ang proyekto lalo sa panahon ngayon.

SAPAGKAT, nakakaranas ang buong lalawigan ng malawakang kakulangan sa supply ng kuryente na lalong nakakadagdag hirap sa mga mamamayan lalo na sa pagsapit ng gabi;

SAPAGKAT, kung maitatayo ang nasabing proyekto ay malaki ang mababawas nito sa kahirapan na nararanasan ng sambayanan dahil hindi na magpuputol-putol ang supply ng kuryente, mararanasan na din ng mga mamamayan na magkaroon ng mura at maayos na serbisyo ng kuryente, may mga magkakatrabaho na din sa nasabing propyekto at dadami ang papasok ng mga negosyante dito sa lalawigan lalong higit sa Bayan ng Naujan.Ganun na din ang pagdami ng mga turista na magbibigay ng magandang kita sa mga mahihirap na mamamayan.

DAHIL DITO'Y IPINASYA, na mapitagang iparating kay **KGG. MARTIN ANOTNIO G. ZAMORA**, CHAIRMAN OF THE BOARD ng EMERGING POWER INC. ang kahilingang maumpisahan na ang *Geothermal Power Plant* dahil na din sa kagustuhan ng mga mamamayan ng buong barangay.

IPINASYA PA RIN, na pagkalooban ng sipi ng resolusyong ito ang kinauukulang Tanggapan para sa kanilang kabatiran at pagpapasya.

SA MUNGKAHI ni KGG. JOYCE M. AUSTRIA at sa sama-samang pagsang-ayon ng dumalo sa pagpupulong na ito nagyong ika-22 ng Pebrero,2014 ang Resolusyong ito'y......

**LUBOS NA PINAGPASYAHAN**

PINATUTUNAYANG GANAP NA PINAGPASYAHAN:

**RONALD F. ALTERADO**
Punong Baranagay

PINATUTUNAYAN:

Jonah E. Garcia
Kalihim

[redacted] JOYCE M. AUSTRIA
Kagawad

[redacted] CONRADO A. PEREZ, SR.
Kagawad

[redacted] JUDY VIRGILIO P. ALCAPARAS
Kagawad

[redacted] CAROL C. RELANO
Kagawad

[redacted] CESSIE N. FEDELICIO
Kagawad

[redacted] NELSON L. LUMPAS
Kagawad

[redacted] LOUIE [illegible]
Ka